ngalan ng ating Panginoong Hesukristo?

3. Ang Papa: the Holy Father (ang Banal na Ama)?

Para sa ating mga Katoliko, **ang Papa ay isang ama sa isang natatanging paraan**. Sa katunayan, tinatawag natin siyang "Holy Father" (Banal na Ama). Bakit nga ba itinuturing ng mga Katoliko ang papa bilang ama sa isang natatanging paraan? Ang sagot ay: sapagkat tayo ay binibigyang inspirasyon ng Banal na Kasulatan upang gawin ito.

Kay Propeta Isaias mababasa natin ang tungkol kay Eliaquim, ang anak ni Helcias, na hinirang bilang tagapangasiwa ng sambahayan ng hari. Sinasabi tungkol sa kanya na "*siya ang magiging **pinakaama** ng Jerusalem at ng Judah. Ibibigay ko sa kanyang ang susi ang bahay ni David; ang kanyang buksa'y walang makapagsasara."* *(Is 22:21-22)* Ang talatang ito ay maituturing na isang paghula na patungkol sa pagka-papa. Ang pagka-papa ay siyang katuparan ng Isaias 22:21-22, ng Mateo 16:18-19, kung saan sinabi ng ating Panginoon kay Pedro, "*At sinasabi ko naman sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesya, at hindi makapananaig sa kanya kahit kapangyarihan ng kamatayan. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahihintulot mo sa lupa ay ipahihintulot sa langit.*" Tulad ng pagbibigay kay Eliaquim ng susi sa kaharian ng anak ni David, gayon din si Pedro at ang kanyang mga kahalili ay binibigyan ng mga susi sa Kaharian ng Langit. Tulad ng pagkakaroon ng kapangyarihan ni Eliaquim na magbukas at magsara, gayon din si Pedro at ang kanyang mga kahalili ay binibigyan ng kapangyarihang magpahintulot at magbawal. Pansinin na ang kanilang mga tungkulin ay hindi kanila kundi pinasa lamang sa kanila. Sumunod si Eliaquim sa posisyon ng "tagapangasiwa ng sambahayan ng hari" pagkatapos ni Sabna, sapagkat mayroong ganitong tungkulin habang may sambahayan ng hari na pamamahalaan; sa gayon ding paraan, ang posisyon ni San Pedro bilang "bato" ng Simbahan ay hindi nagtatapos sa kanya, kundi pinapasa sa kanyang mga kahalili – ang mga Papa, mga Obispo ng Roma!

Si Eliaquim, bilang tagapangasiwa ng hari, ay tinawag na "ama sa mga naninirahan sa Jerusalem at sa bahay ni Juda." Kung ang isang tagapangasiwa ng bahay ni David ay maaaring tawaging ama," gaano pa kaya ang mga papa na mga tagapangasiwa ng bahay ng Anak ni David?

Ang mga Papa ay ang mga ama ng mananampalataya – ang Kristiyanong mananampalataya! Upang makita ang kaibhan ng Papa sa ibang mga pari , at upang ituro na ang pagka-ama ng papa ay katangi-tangi, nararapat lamang na tawagin nating mga Katoliko ang Papa na "Holy Father" (Banal na Ama).

(Isinalin mula sa "Calling Priests 'Father'" na sinulat ni Carlos Antonio P. Palad, Associate and Lecturer, Defensores Fidei Foundation)

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:
Defensores Fidei Foundation
info@defensoresfidei.com

o kaya tumawag sa
Totus Bookstore
(Red Ribbon Bldg, Connecticut St., Greenhills, San Juan, MM) 723-43-26

Pagtawag ng "Father" o "Padre"
*(Na siyang nangangahulugang "**Ama**")*
sa mga Pari

Polyeto ukol sa Doctrina Christiana ng Iglesya Catolica Apostolica Romana #1
Defensores Fidei Foundation

1. Maari bang tawagin ang sinoman na "Ama"?

Ayon sa tinataguriang mga "Born Again" at mga "Fundamental Protestant", ang pagtawag umano ng "Ama" o "Padre" sa mga pari ay hindi naaayon sa Biblia. Ginagamit nila ang mga salitang ito na binigkas ng ating Panginoong Hesus bilang batayan ng kanilang pananaw: *At huwag ninyong tawaging inyong ama ang sinomang tao sa lupa: sapagka't iisa ang inyong **ama**, samakatuwid baga'y siya na nasa langit. **Mateo 23:9** (Ang Biblia)*

Subali't ano nga ba ang nais iparating ni Kristo sa mga binigkas niyang ito? Nilayon nga ba Niya na maging literal ang pagintindi sa mga katagang ito? **HINDI** ang sagot sa tanong na ito**.** Alam natin ito sapagka't sa kabuuan ng kapitulo na kung saan nasasaad ang "huwag ninyong tawaging inyong ama ang sinomang tao sa lupa" ay sinasabi din ni Kristo ang mga sumusunod: "*…Punuin nga ninyo ang takalan ng inyong mga **magulang**.* (**Mateo 23:32**). O sa saling Ingles: *Fill ye up, then, the measure of your **fathers.*** **(Matthew 23:32, King James Version)**

Binanggit dito ng ating Panginoong Hesukristo ang katagang "ama" upang ipatukoy sa mga ninuno ng mga Pariseo, na siya ring nagpapatay sa mga propeta! Gayun din, Mababa sa natin sa Lukas ang isa pang halimbawa kung saan ginamit din ng Panginoon ang katagang "ama" para sa tao: "*Kung ang sinomang Tao'y pumaparito sa akin, at hindi napopoot sa kaniyang sariling **ama**, at ina, at asawang babae, at mga anak, at mga kapatid na lalake, at mga kapatid*

na babae, oo, at pati sa kaniyang sariling buhay man, ay hindi siya maaaring maging alagad ko. **(Lk 14:26)** Tinagurian ding "ama" ni Jesus ang mga ninuno ng mga Hudio: "*Nagsikain ang inyong mga* ***magulang*** *ng mana sa ilang, at sila'y nangamatay "(***Juan 6.49**). O, sa saling Ingles: *Your* ***fathers*** *did eat manna in the wilderness, and are dead* (**John 6:49**, **King James Version**) Kung kaya't makikita natin na hindi layunin ng ating Panginoong Jesus na ipagbawal ang pagtawag na "ama" sa mga tao dahil tinawag din Niya na "ama" ang ilan sa kanila! (Marapat ding tingnan ang **Mat. 15:3-6** at **Mar 7:10-12**)

Kaya, ano nga ba ang ibig ipahiwatig ng ating Panginoong Hesukristo nang Kanyang sabihing "*huwag ninyong tawaging inyong ama ang sinomang tao sa lupa*"? Ibig lamang niyang balaan ang mga Pariseo't Escriba laban sa labis na pagpaparangal at pagsamsam ng kapangyarihan para sa kanilang mga sarili. Sa pagtalaga sa kanilang sarili bilang autoridad ng sambayanang Judio, nilimot ng mga Pariseo't Escriba na ang Dios lamang ang Siyang pinagmumulan ng lahat ng pagtuturo at karunungan, ang tunay na bukal ng pagiging-Ama.

Dapat nating tandaan na madalas na nagsalita ang Panginoon sa pamamagitan ng tayutay na pagmamalabis o "*hyperbole*" upang ipahayag ang Kanyang mga nais iparating. Napakaraming halimbawa nito ang makikita sa Ebangheliyo. Ang bersikulo mula sa Ebanghelyo ayon kay San Lukas na ating nabanggit na (Lk 14:26) ay isang halimbawa nito. Talaga bang nilayon Niya na literal nating kamuhian ang ating pamilya upang tayo'y maging Kanyang mga alagad? **HINDI.** Ang Dios din naman ang siyang nag-utos na mangag-ibigan sa isa't isa (Juan 13:34-35). Ang ibig lamang sabihin ng Panginoon sa Lucas 14:26 ay dapat higit na bigyang pagpapahalaga ng mga alagad ang pagsunod sa Kanyang kagustuhan kaysa sa kani-kanilang mga pamilya. Sa sitas na ito, ang ibig sabihin ng salitang "mapoot" ay "umibig ng mas kaunti".

Marami tayong makikitang mga talata sa Bagong Tipan na kung saan ginagamit ang salitang "ama" bilang pagtukoy sa tao:

* Sa Gawa 7, nang si San Esteban ay nagsalita dahil na rin sa pagpapatnubay ng Espiritu Santo (Gaw 7:55) tinawag nya ang mga kasapi ng Sanedrin na "*mga kapatid na lalake at* ***mga ama****"* (Gaw 7:2). Paulit-ulit na tinukoy sa Gawa bilang mga ama ang mga patriyarka ng Lumang Tipan (Gaw 7:8, 12, 14-15, 29, atbp). Tinagurian din ng mga sinaunang Kristiyano na "**ama"** si David (Gaw 4:25).

* Madalas na "ama" ang taguri ni San Pablo at ng ibang mga apostoles sa kanilang mga tagapakinig. (Gaw 22:1, Efeso 6:4, 1 Juan 2:13-14)

* Madalas na tinatawag nina San Pablo at ng iba pang kinasihang manunulat na "ama" ang kanilang mga ninuno sa pananampalataya (tingnan ang Gawa 13:17, Roma 4:1-18, na kung saan pitong beses tinatawag si Abraham na "ama"; 2 Timoteo 1:3, Hebreo 1:1 at 12:9 [bilang pagtukoy sa mga ama sa laman), at 2 Pedro 3:4)

* Pinauulit-ulit ni San Pablo sa kanyang mga sulat na siya mismo ay isang ama! (1 Corinto 4:15, Filemon 1:10 at Filipos 2:22)

Maliwanag mula sa Bagong Tipan, na hindi ipinagbabawal ng Dios na tawagin natin ang mga tao na "ama". Maliwanag din mula sa mga bersikulong nabanggit na ang salitang "ama" ay may espirituwal at pang-kapatiran na kahulugan— bukod pa sa kahulugan nito ayon sa biyolohiya.

2. Bakit dapat na tawaging "Padre" (o Ama) ang mga pari?

Ngunit maaari din namang itanong ng mga Born Again kung "bakit kailangang 'ama' ang itawag sa mga pari?" Ang sagot nating mga Katoliko ay napakasimple lamang: ang pagiging pari ay pagiging ama na rin! Ang mga pari ay nagbibigay daan sa atin upang makamit natin ang buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng kanilang pagbibigay sa atin ng mga sakramento at sa pagtuturo sa atin ng Salita ng Dios. Tayo'y naipanganak sa mundo dahil sa ating mga ama ayon sa laman; sa kabilang banda, ang mga pari naman ang siyang nagdadala sa atin tungo sa buhay na darating pa.

Sa Lumang Tipan, makikitang ang pagkasaserdote (o pagpapari) ay hindi mahihiwalay sa pagiging ama. Dahil diyan, mababasa natin sa aklat ng mga Hukom ang malugod na pagtanggap ni Mikas sa isang Levita mula sa Jerusalem upang maging ***"ama at saserdote sa kanya***" (Hukom 17:10. Tingnan din ang Hukom 18:19). Hindi nagtatapos ang katotohanang ito sa Bagong Kautusan ni Kristo. Kung tutuusin ang kahulugan ng relasyon ng pagiging-ama at pagiging saserdote ay higit na pinalalim at pinagyaman pa sa Bagong Tipan.

Tulad ni San Pablo, nararapat lamang na tawaging "ama" ang mga pari dahil sa kanilang walang-kaparis na tungkuling akayin tayo kay Cristo sa pamamagitan ng Ebanghelyo (tingnan ang 1 Corinto 4:15 at 1 Tesalonica 2:9-12). Maaaring maraming maituturo sa atin ang mga layko , nguni't tanging ang mga pari lamang ang may kakayahang buhayin tayo sa pamamagitan ng mga Sakramento, higit sa lahat sa pamamagitan ng Sakramento ng Banal na Eukaristiya. Ito'y isa pang dahilan kung bakit nararapat din lamang na tawagin nating "ama" ang mga kaparian—dahil sa kanilang pagpapalusog sa atin sa pamamagitan ng Sakramento, sila ay nagiging **tagapagbigay ng sustento** o kabuhayan sa ating sa isang natatanging paraan. Kung minarapat nilang tawaging **ama** ang mga kasapi ng Sanhedrin sa kabila ng kanilang kasamaan at pagkakamali, (Gawa 7:2), di ba't higit pang nararapat ito sa kaparian na nagsasalita at nagpapastol sa atin sa